INTELLECTUAL PROPERTY

Kapag nagsisimula o nagpapalakad ka ng iyong negosyo, maigi ang protektahan ang iyong intellectual property (IP). Ang Info entrepreneurs ay ang iyong kinakailangan upang makakuha ng impormasyon sa negosyo. Puntahan muna kami at hayaan kaming tulungan kang mahanap ang impormasyon na kailangan mo.

Ang IP ay ang legal na karapatan sa isang ideya, imbento, o nilikha sa industriya, agham, literatura, o sining. Maaaring kabilang sa iyong business IP ang mga simbolo, mga pangalan, images, at mga disenyo.

Kapag prinotektahan mo ang iyong IP, itinatatag mo ang iyong mga karapatan at pagmamay-ari sa isang bagay na intelektwal na nilikha, at tumutulong kang hadlangan ang mga kakompetensiya na kopyahin o gayahin ang mga ito. Prinoprotektahan ng IP ang naiibang identidad, image, at reputasyon ng iyong negosyo.

MGA KARANIWANG URI NG INTELLECTUAL PROPERTY

Patent: Isang karapatan, na ibinigay ng gobyerno, upang pagbawalan ang iba na gumawa, gamitin, o ibenta sa Canada ang iyong inimbento.

T**rade-mark**: Ay isang salita (o mga salita), isang disenyo, o kombinasyon ng mga ito, na ginagamit upang kilalanin ang mga bagay o mga serbisyo ng isang tao o organisasyon.

Copyright: Nangangahulugang "karapatang kopyahin" at sakop nito ang lahat ng mga orihinal na likha sa sining (ibig sabihin, musika, performances, mga pelikula, mga libro, mga iskultura, at software). Karaniwan ay ang may-ari lamang ng copyright ang pinahihintulutang gumawa o kumopya sa ginawa, o magbigay pahintulot sa iba na gawin ito.

Industrial design: Ang itsura ng hugis, configuration, pattern, o ornament (o anumang kombinasyon) na inaaplay sa isang tapós na bagay na ginawa sa kamay, tool, o makina.

Acclr, par le biais de son service d'intelligence d'affaires, reçoit le soutien financier de Développement économique Canada pour les régions du Québec et est membre du Réseau Entreprises Canada.

Acclr, through its business intelligence department, receives financial support from Canada Economic Development for Quebec Regions and is a member of the Canada Business Network.

Développement économique Canada pour les régions du Québec
Canada Economic Development for Quebec Regions